
| | |
|---|---|
| JANUARY | Makugihon |
| FEBRUARY | Mahigugmaon |
| MARCH | Matinabangon |
| APRIL | Matinahuron |
| MAY | Mahapsay og Malimpyo |
| JUNE | Maabtik og Masunod sa Husaktong Oras |
| JULY | Maantigo og Maabilidad |
| AUGUST | Maginhunahunaon para sa Uban |
| SEPTEMBER | Madaginoton |
| OCTOBER | Matinud-anon |
| NOVEMBER | Masaligan |
| DECEMBER | Maalampuon |


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 6



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan- Modyul 7:

Mga Paraan ng Pakikipaglaban ng mga Pilipino sa Hapon



**Pangalan:** ________________________________

**Baitang at Seksyon:** ________________________

**Paaralan:** ________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Shimei B. Cagandahan
**Editor:** Florence S. Gallemit, Genevieve C. Bael
**Tagasuri:** Lindo O. Adasa Jr.
Florence S. Gallemit
Dr. Jephone Yorong
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Shimei B. Cagandahan
**Tagalapat:** Peter Alavanza, Shimei B. Cagandahan
**Tagapamahala:** Dr. Ella Grace M. Tagupa
Dr. Jephone P. Yorong
Florence S. Gallemit
Jose C. Overa
Belmor A. Debaloy



# Alamin

Magandang araw mga bata! Matutunghayan ninyo ngayon ang isa na namang bagong aralin natin sa Araling Panlipunan. Inihanda ang modyul na ito upang malalaman ninyo ang mga pagsusumikap na ginawa ng mga mga kapwa nating Pilipino upang makamit ang kalayaan.

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

❖ Makapagpapaliwanag ng mga paraan ng pakikipaglaban ng mga Pilipino para sa kalayaan laban sa Hapon.



# Balikan

**Panuto:** Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kwaderno.

1.) Ano ang tawag sa samahang itinatag ng mga Hapones na naglalayong pag-isahin ang mga bansa sa Silangang Asya at itaguyod at pangalagaan ang bawat kasapi nito?

A. KALIBAPI  C. SouthEast Asian Association
B. HUKBALAHAP  D. Greater East Asia Co-Prosperity Sphere

2.) Noong Oktubre 14, 1943 pinasinayaan ang Ikalawang Republika ng Pilipinas na lalong kilala sa tawag na pamahalaang nasa patnubay ng Hapon. Sino sa mga sumusunod na pangulo ang nahirang sa panahong ito?

A. Emilio Aguinaldo  C. Elpidio Quirino
B. Jose Laurel  D. Ramon Magsaysa

3.) Ang mga sumusunod ay ilan sa mga dahilan ng pananakop ng mga Hapones sa bansang Pilipinas MALIBAN sa isa.

A. Kailangan nilang palakihin ang teritoryo bunsod ng lumalaking populasyon
B. Nais nilang ipalalaganap sa buong kapuluan ang relihiyong Kristiyanismo.
C. Upang maipagpatuloy nila ang kanilang adhikain sa pagpapalawak ng Greater East Asia Co-Prosperity Sphere.
D. Naghahanap sila ng mapagkukunan ng hilaw na sangkap na gagamitin sa kanilang industriya at mapagbentahan ng kanilang produkto.

4.) Bakit tinaguriang Pamahalaang Papet o Puppet Republic ang pamahalaang naitatag sa panahon ng Hapon?

A. Maraming ipinagbawal sa panahong ito
B. Nabuhay ang mga tao sa takot at pangamba
C. Dahil naging mahilig ang mga tao sa paggawa ng papet
D. Ang mga pinuno ng pamahalaan ay pinagalaw ng ibang tao.

5.) Alin sa mga sumusunod na pahayag ang naglalarawan sa uri ng pamamahala at pagbabagong naganap sa panahon ng pananakop ng mga Hapones?


A. Umiral ang sistemang demokrasya sa bansa
B. Walang kalayaan at pribiliheyo ang mga Pilipino
C. Umangat ang bansa lalong-lalo na sa larangan ng agham at siyensiya.
D. Umunlad ang ekonomiya ng bansa at nakilala ang bansang Pilipinas sa buong mundo.

| Aralin 7 | PAGKILOS AT PAKIKIPAGLABAN NG MGA PILIPINO LABAN SA HAPON |
| --- | --- |



# Tuklasin

Tunghayan ang larawan.



*Ano ang nakikita mo sa larawan? Masasabi mo bang naging maayos ang pamumuhay ng mga mamamayan sa lipunan sa panahong ito?*

*Ano-ano ang inyong naramdaman sa kalagayan ng mga mamamayan na ipinakita sa larawan?*

Ipagpalagay mong ikaw ay nabuhay sa panahon ng pananakop ng mga Hapon at naranasan mo ang mga pagmamalabis, pagpapahirap at paglalapastangan sa kamay ng mga Hapon katulad ng mga nakita sa larawan. *Ano kaya sa palagay mo ang magiging reaksyon mo? Kakayanin mo kayang tiisin ang ginawa ng mga Hapon?*

*Ano kaya ang mga hakbang o paraan ng pagkilos ang iyong gagawin?*

*Magiging tapat ka pa kaya sa pagsunod sa mga batas na ipinatupad ng mga Hapon? Bakit?*

*Ano kaya ang damdaming mabubuo sa iyong isipan at puso?*

*Bilang isang mamamayang Pilipino na naranasan ang ganitong pagpapasakit ng dayuhang mananakop, nanaisin mo kayang makipaglaban para sa kalayaan laban sa mga Hapon? Paano mo ito gagawin?*



# Suriin

Magaling! Napagtagumpayan mo ang unang gawain. Ngayon, basahin mo ang teksto tungkol sa paraan ng pakikipaglaban ng mga Pilipino sa Hapon.

## Ang Kilusang Gerilya

Bagamat nasakop ang buong kapuluan at nagsisuko ang mga heneral na Amerikano, para sa mga Pilipino, dapat pa ring ituloy ang laban kahit alam nila na malakas ang puwersa ng mga Hapon.

Nang bumagsak ang Bataan at Corregidor sa kamay ng mga Hapones noong Mayo 6,1942 ay hindi pa rin natapos ang labanan ng mga Pilipino at Hapones. Ang mga sundalong Pilipino, sa halip na sumuko, ay namundok at ipinagpatuloy ang pakikipagpaglaban nang palihim. Nagpangkat-pangkat sila na kung tawagin ay gerilya at mula sa mga bulubundukin at mga ilang na lugar, nagsagawa ng mga pabigla-biglang pagsalakay. Ang kanilang layunin: lusubin ang mga garison, patayin ang mga sundalo at opisyal na Hapon, palayain ang mga nakakulong, at salakayin ang mga istasyong militar upang sirain ang mga kagamitan at manguha ng mga bala at armas na gagamitin sa paglaban sa mga Hapon.

Sa kalaunan ay lumaki ang bilang ng mga gerilya at ito ay dahil sa pag-iibayo ng kalupitan ng mga Hapon. Nagsama-sama ang mga maliliit na pangkat mula sa iba't ibang panig ng bansa. Naragdagan ang dami ng mga puwersang gerilya nang sumapi ang mga sibilyan sa mga lungsod at bayan-bayan kasama na ang ibang opisyal ng mga pamahalaang bayan na nagkukunwang tumutulong sa mga Hapon. Namundok din ang mga sibilyan at karaniwang mamamayang hindi na makatiis sa pagpapahirap ng mga Hapon. Kasama rin ang maraming kababaihang naging biktima ng karahasan ng mga dayuhan.

Maraming pangkat ng mga gerilya ang nabuo sa iba't ibang dako ng Pilipinas. Ang ilan sa mga lider ng mga gerilya ay militar, samantalang ang iba'y sibilyan. Si Tomas Confesor ang sibilyang lider ng Panay, samantalang si Koronel Macario Peralta naman ang lider militar. Sa Leyte ay si Koronel Ruperto Kangleon. Sa Mindanao ay sina Tomas Cabili at Salipada Pendatun. Sa Luzon, napabantog sina Wenceslao Q. Vinzons at Marcos V. Agustin (Marking). Bukod dito, may mga Amerikano ring naging kasapi at kasamang namundok at lumaban.

Sapagkat lumalaki ang kilusan at nagiging mapanganib para sa mga Hapon ang mga gerilya, naging lalong malupit at mahigpit ang mga Hapon. Maraming dinakip kahit walang sala. Kumuha ng maraming sibilyan na ginawang makapili at bawat mapaghinalaan ay ikinukulong sa Puwersa Santiago sa Maynila at sa iba't ibang garisong itinayo. Subalit lalo lamang dumami ang nagsisapi sa kilusan. Habang tinatakot ang bayan, lalo namang tumindi ang kanilang galit.

Naging isang mahalagang puwersa ang kilusang gerilya sa pagdudulot ng malaking sakit ng ulo sa mga Hapon at sa hindi pagiging matatag ng Republikang kanilang itinayo. Organisado ang kilusan. May mga kumander at mga ranggo ang mga kasapi. May ugnayan sa isa't isa at may mga sikretong sinyales na hindi maiintindihan ng mga Hapong kalaban. Habang walang puwersang dumarating mula sa Estados Unidos, naipakita ng mga Pilipino na kaya nilang ituloy ang laban, isang katangiang kanila nang napatunayan sa mga nakaraang pakikihamok sa mga naunang mananakop.

## Ang HUKBALAHAP

Ang mga magsasakang labis na naghirap sa panahong ito ay nagbuklod upang bumuo ng isang kilusang may katulad na simulain sa mga gerilya. Higit sa lahat, ang mga magsasaka ang lubhang nakadama ng pagmamalupit ng mga Hapon. Ang kanilang mga sakahan ay pinagiinteresan ng mga opisyal na Hapon.

. Ang mga bigas na kanilang inaani ay kinukumpiska. Maging ang mga hayop at iba pang tanim na kanilang pinaghirapan ay nagsilbing pagkain at lakas ng mga Hapones habang ang kanilang mga pamilya ay namamatay sa gutom. Sila rin ang kadalasang pinaghihinalaang kasapi ng kilusang gerilya. Ang mga kababaihan sa mga lalawigan at mga bukirin ay naging biktima ng maraming kalupitan sa kamay ng mga sundalong Hapon.

Sa pamumuno nina Luis Taruc, Jesus Lava, at Jose Banal, naitatag ang Hukbo ng Bayan Laban sa mga Hapones o ang HUKBALAHAP. Nang lumaon, tinawag silang HUK. Ang kilusang ito ay binubuo ng mga magsasakang handang mangalaga sa kanilang mga sakahang kinakamkam ng mga Hapon. Naging tagapangalaga rin sila ng katahimikan ng kanilang mga bayan. Naging marahas ang ginawang pagsugpo ng mga HUK sa mga Hapones. Daan-daang Hapones ang kanilang pinatay. Sinasabing mas higit silang marahas kaysa mga gerilya kaya't mas higit silang kinatakutan ng mga Hapon.

**Mga Pagkilos ng Mga Sibilyan**

Katulad ng panahon ng paglaban sa mga Kastila at Amerikano, ang mga sibilyan ay nagbigay ng suporta sa mga kilusang nabanggit. Itinatago ang mga sugatan, ginagamot at pinakakain ng palihim. Ginamit ng mga kababaihan ang kanilang kagandahan sa panlilinlang ng mga Hapon, at ang mga kabataa'y naging tagapagdala ng mga armas at mensahe upang maipagpatuloy ang lihim na operasyon ng mga kilusan.

**Ang Liberasyon ng mga Pilipino Mula sa Hapon**

Ang mga Pilipino ay hindi naghintay lamang sa pagbabalik ng mga Amerikano upang sila ay iligtas sa kuko ng mga Hapon. Hindi nila hinayaang mayurakan ang kanilang dangal nang walang kalaban-laban. Sa maliit na paraan, at kahit kulang sa sandata at kagamitan, isinulong nila ang kanilang karapatan.

Nang bumalik si Hen. Douglas MacArthur sa Pilipinas kasama ang mga hukbong Amerikanong lulupig sa mga Hapon noong Enero 9, 1944, ang mga Pilipino'y hindi nanood lamang. Nagbigay ng dobleng lakas at tapang ang pagdating ng mga tropang Amerikano upang ang mga Pilipino ay makilahok sa kanilang liberasyon sa kamay ng mga Hapon. Habang sumusugod ang mga Amerikano sa mga pampang at himpapawid, mula sa loob ng bansa ay itinataboy naman ng mga gerilya at ng mga HUK ang mga Hapon sa labas ng mga lalawigan at bayan-bayan.



## Pagyamanin

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Paano tinugon ng mga Pilipino ang pagkabalam ng inaasam na kalayaan?

2. Sino-sino ang mga nakipaglaban sa pamahalaang Hapones?

3. Ano- ano ang mga mahahalagang tungkuling isinagawa ng mga kilusang gerilya bilang bahagi ng pakikibaka nila laban sa pamahalaang Hapones?

4. Paano ipinamalas ng mga Pilipino ang pagmamahal sa kalayaan sa harap ng mga mananakop na Hapon?

5. Paano nakaapekto sa pagkabansa ng mga Pilipino ang pananakop ng Hapon?

6. Paano nabago ng mga Hapones ang lipunang Pilipino sa panahon ng kanilang pananakop?

7. Ano ang iyong mga saloobin tungkol sa mga pangyayaring naganap bago tuluyan makamit ng bansa ang kalayaan mula sa mga Hapones? Nakatulong ba ang mga Amerikano sa pagkamit ng ating kalayaan? Paano?

8. Kung ikaw ay nabuhay na noon at mabibigyan ka ng pagkakataong magsalita sa harap ng mga kasapi ng MAKAPILI at mga gerilya, ano ang nais mong sabihin upang pagbuklorin ang salungat nilang damdamin tungkol sa pamamahala ng mga Hapones?



# Gawain

**Gawain A**

**Panuto:** Punan ang patlang ng tamang sagot. Isulat ang mga ito sa iyong kwaderno.

1.) Ang mga sundalong Pilipino, sa halip na sumuko ay namundok at nagpangkat-pangkat na kung tawagin ay ____________ at nagsagawa ng pabigla-biglang pagsalakay sa mg Hapon.
2-3) Ang ilan sa mga lider ng gerilya ay ____________ samantalang ang iba'y ______________.

4.) Ang lider militar ng gerilya ay si ______________.

5.) Sa pamumuno nina Luis Taruc, Jesus Lava at Jose Banal, naitatag ang ___________________________________________________ o ang HUKBALAHAP.

6.) Naging marahas ang ginawang pagsugpo ng mga _________ sa mga Hapones.

7.) Ginamit ng mga kababaihan ang kanilang ______________ sa panlilinlang ng mga Hapon.

8.) Ang HUKBALAHAP ay isang kilusang binubuo ng mga ________________ handang mangalaga sa kanilang mga sakahang kinakamkam ng mga Hapon.

9.) Kumuha ang mga Hapon ng maraming sibilyan na ginawang makapili at bawat mapaghinalaan ay ikinulong sa ____________________ at sa ibat'-ibang garisong itinayo.

10.) Katulad ng panahon ng paglaban sa mga Kastila at Amerikano, ang mga ____________ ay nagbigay suporta sa mga kilusang binuo ng mga Pilipino.

**Gawain B**

**Panuto:** Basahin ang bawat pahayag. Lagyan ng tsek ( ✓) sa patlang kung ito ay nagpapakita ng paraan ng pagkilos ng mga Pilipino para makamit ang kalayaan mula sa Hapon at ekis (X ) kung hindi.

_______1.) Nagtiis lamang at hinintay ang pagbabalik ni Hen. MacArthur.

_______2.) Nagbuo ng pangkat o grupo upang labanan ang mga Hapon tulad ng gerilya, HUKBALAHAP, at iba pa.

_______3.) Nagtago lamang sa liblib na lugar at hindi kumilos.

_______4.) Ginamit ang kagandahan upang linlangin ang mga Hapon.

_______5.) Nagsagawa ng pabigla-biglang pagsalakay.



# Isaisip

Sa modyul na ito, natutuhan ko na marami ang napoot sa kalabisang ginawa ng mga ___________ sa loob ng maikling panahon nila sa Pilipinas.

Nalaman ko rin na marami ang pinsala na kanilang nagawa sa bansa at higit sa lahat ay pinahihirapan nila ang mga mamamayan.

Dahilan ng kanilang kalupitan na hindi matiis ng mga Pilipino, nagtatag ng kilusang _______________, _____________________, at iba pa upang _____________________________.

Ang mga kilusang ito ang naging dahilan upang lalong naging mahigpit at malupit ang mga Hapon. Ngunit sa kabila nito, lalong ________ ang nagsisapi sa kilusan. Habang _____________ ang bayan, lalong tumindi ang _________ ng mga Pilipino sa mga Hapon.



# Tayahin

1.) Ano ang ibig sabihin ng HUKBALAHAP?
   A. Hukbong Bayan Laban sa Hapones
   B. Hukbo ng Bansa na Lalaban sa mga Hapon
   C. Hukbo ng Bayan na Lalaban sa mga Hapon
   D. Hukbo ng mga Babaeng Lalaban sa mga Hapon

2.) Ang kilusang ito ay binubuo ng mga magsasakang handang mangalaga sa katahimikan ng bayan.
   A. Gerilya B. Militar C. Makapili D. HUKBALAHAP

3.) Ang mga sundalo o sibilyang namundok at patuloy na nakipaglaban sa mga Hapones.
   A. Gerilya B. Militar C. Makapili D. HUKBALAHAP

4.) Alin sa mga sumusunod na pahayag ang TAMA?
   A. Naging mahinahon ang mga gerilya sa pagsugpo sa mga Hapon.
   B. Walang ginawa ang mga Pilipino kundi ang tiisin ang pagmamalupit ng mga Hapon sa kanila.
   C. Dahil sa takot, naghihintay na lamang na bumalik si Hen. MacArthur ang mga Pilipino bago lumaban sa mga Hapon.
   D. Habang lalong tumindi ang pagmamalupit at paghihigpit ng mga Hapon lalo ring sumidhi ang galit ng mga Pilipino sa mga ito.

5.) Alin sa mga sumusunod na katangian ang ipinakita ng mga Pilipino upang mapalayang muli ang kanilang bansa?
   A. katapangan C. pagpakumbaba
   B. pagkamatiisin D. pagkamadasalin

6.) Paano kumilos at lumaban ang mga Huk sa mga Hapon?

A. mahinahon at sa mapayapang paraan
B. gumamit sila ng malalakas na mga armas
C. naging marahas sa pagsugpo ng kalupitan ng mga Hapon
D. gumamit sila ng bolpen at papel upang ipahayag ang kanilang paglaban sa mga Hapon

Para sa tanong # 7.

| |
|---|
| Ginamit ng mga kababaihan ang kanilang kagandahan upang linlangin ang mga Hapon. Samantala, ang mga kabataan naman ay nagsilbing tagapagdala at tagapaghatid ng armas at mensahe upang maipagpatuloy ang lihim na operasyon ng kilusan. |

Bukod sa katapangan, ano pa ang katangiang ipinakita ng mga Pilipino sa sitwasyong ito?

A. Kasipagan
B. Katapatan
C. pagkamaparaan
D. pagmamahal sa bansa

Para sa tanong # 8.

1. Nagtago lamang at hindi kumilos.
2. Nagtiis lamang at hinintay ang pagbabalit ni Hen. Mac Arthur.
3. Idinaan na lamang sa pagdarasal.
4. Lumaban nang harapan at patago, gamit ang iba’t-ibang paraan.
5. Nagbuo ng iba’t-ibang grupo o pangkat upang labanan ang Hapon tulad ng gerilya, HUKBALAHAP, at iba pa.

Alin sa listahan sa kahon ang mga paraang ginawa ng mga Pilipino upang labanan ang Hapon?

A. 1 at 2
B. 4 at 5
C. 1, 2 at 3
D. Lahat ng nabanggit

9.) Bilang isang mamamayang Pilipino, paano mo maipapakita ang pagmamahal sa iyong bansa?

A. magkibit-balikat lamang sa mga nangyayari sa lipunan
B. lumaban sa kahit na anong paraan upang makamit ang kalayaan ng bansa
C. sumanib sa mga mananakop at magtrabaho sa kanila bilang espiya upang makaligtas
D. magtitiis muna sa pagmamalupit at maghintay ng tamang tao na makakatulong upang iligtas ang bansa

10.) Paano mo mapapahalagahan ang naging bunga ng pakikipaglaban ng iba’t ibang kilusan laban sa Hapon?

A. patuloy na pagsilbihan ang mga dayuhan
B. iwaksi sa isipan ang ginawang pagmamalupit ng mga Hapon
C. magkibit-balikat lamang sa kung anuman ang nangyayari sa paligid upang hindi madamay
D. gawing inspirasyon ang ginawang katapangan ng mga Pilipino upang patuloy na ipaglaban ang kalayaan ng ating bansa at ang karapatan ng bawat mamamayan



# Karagdagang Gawain

Sumulat ng isang sanaysay upang ipaliwanag ang mga paraan na ginawa ng mga Pilipino para ipaglaban ang kalayaan mula sa mga Hapones. Gamitin ang mga sumusunod na gabay na tanong sa ibaba upang mabuo ito. Pagkatapos, lagyan ito ng angkop na pamagat. Maaari ring gawing batayan ang rubrik sa kasunod na pahina para sa pagkuha ng puntos. ***(15 puntos)***

**MGA GABAY NA TANONG:**

1. Ano-ano ang naging karanasan ng mga Pilipino sa kamay ng mga Hapones?
2. Ano-ano ang damdaming nabuo sa isip at puso ng mga mamamayang Pilipino sa kalupitan ng mga Hapon? Bakit?
3. Ano-ano ang mga paraan na kanilang ginawa para ipaglaban ang kanilang kalayaan laban sa Hapon?
4. Ano-ano ang mga katangiang ipinakita ng mga Pilipino upang mapalayang muli ang bansa?

**RUBRIK SA PAGSULAT NG SANAYSAY**

| Pamantayan | 5 | 3 | 1 |
|---|---|---|---|
| **Organisasyon** | Maayos at malinaw ang organisasyon ng mga ideya. | Hindi masyadong malinaw ang organisasyon ng mga ideya. | Lumihis sa ipinapagawa o sa dapat ipapahayag na mensahe ng gawain. |
| **Gramatika at Pagbaybay** | Walang mali sa pagbaybay at gramatika. | May 1-5 mali sa pagbaybay at gramatika. | May 6 o higit pang mali sa pagbaybay at gramatika. |
| **Kalinisan** | Napakalinis ng awtput; walang makikitang bura at nasusunod ang tamang anyo ng pagsulat ng liham, gaya ng wastong palugit at pasok. | Kakikitaan ng 1-5 pagbura ng mga salita at hindi nasunod ang tamang anyo ng pagsulat ng liham, gaya ng wastong palugit at pasok. | Kakikitaan ng 6 o higit pang pagbura ng mga salita at hindi nasunod ang tamang anyo ng pagsulat ng liham, gaya ng wastong palugit at pasok. |

## Susi sa Pagwawasto

**BALIKAN**

1. D
2. B
3. B
4. D
5. B

**ISAISIP**

Hapon

gerilya, HUKBALAHAP

labanan ang kalupitan ng mga Hapon

dumami

tinatakot, galit

**GAWAIN**

Gawain A

1. gerilya
2. military
3. sibilyan
4. Koronel Macario Peralta
5. Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon
6. Huk
7. Kagandahan
8. Magsasaka
9. Puwersa Santiago
10. Sibilyan

**GAWAIN**

Gawain B

11. X
12. ✓
13. X
14. ✓
15. ✓

**TAYAHIN**

1. A
2. D
3. A
4. D
5. A
6. C
7. C
8. B
9. B
10. B

# Sanggunian:


Lydia N. Agno, Ed.D., Celinia E. Balonso, Ph.D, Grace Estela C. Mateo, Ph.D, Rosita D. Tadena, Ph.D., Mary Dorothy dL. Jose. 2006. *Marangal na Pilipino.* Quezon City: Vibal Publishing House. pp. 130-138

Maria Analyn P. Gabuat, Michael M. Mercado, Mary Dorothy dL. Jose. 2016. *Pilipinas Bilang Isang Bansa* . Quezon City: Vibal Group, Inc. .

Vivian Lobato, Hernandez. 1999. *Pamana* . Quezon City: Christian Publishing, pp. 206-217

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.